



MGA SINUSUSTENTUHAN AT MGA NAULILA

ALLOWANCE SA BUROL AT PAGLILIBING

ANU-ANO ANG MGA ALLOWANCE NG VA SA BUROL?

Ang VA allowance sa burol ay pantay na halaga ng perang benepisyo na karaniwang binabayad sa pinakamataas na halaga na awtorisado ng batas para sa karapat-dapat na gastos sa burol at libing ng Beterano. Ang regulasyon ng VA na binago noong 2014 ay pinasimple ang programa upang mabayaran ang mga karapat-dapat na naulila nang mabilisan at mahusay. Ang mga karapat-dapat na naulilang asawa na nakatala ay awtomatikong babayaran sa oras ng abiso ng pagkamatay ng Beterano, nang walang kinakailangang magsumite ng claim. Ang VA ay maaaring gawaran ng mga karagdagang benepisyo, kabilang ang allowance sa lupa o paglilibingan at allowance sa transportasyon, kung nakatanggap ng claim para sa mga benepisyong ito.

SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

Kapag ang benepisyo sa burol ay hindi awtomatikong nabayaran sa naulilang asawa, babayaran ng VA ang unang nabubuhay na taong magpa-file ng claim sa mga sumusunod na nakalista:

- Nabubuhay na asawa ng Beterano; ○
- Ang naulila sa legal na unyon* sa pagitan ng namatay na Beterano at naulila; ○
- Mga anak ng Beterano, anuman ang edad; ○
- Mga magulang ng Beterano o nabubuhay na magulang; ○
- Ang tagapagtupad o tagapangasiwa ng estado ng namatay na Beterano.

*Ang kahulugan ng legal na unyon ay isang pormal na relasyon sa pagitan ng namant at naulila na umiiral sa petsa ng pagkamatay ng Beterano, na kinilala ng batas ng Estado kung saan ang pareha ay ginawang pormal ang relasyon at binigyang ebidensiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng dokumentasyon ng Estado na nagpapaalaala sa relasyon.

Ang Beterano ay dapat din na natanggal sa serbisyo sa katayuan na maliban sa “dishonorable.” Sa karagdagan, kailangang matugunan and kahit isa man lamang sa mga sumusunod na mga kundisyon:

- Ang Beterano ay namatay bilang resulta ng kapansanang may kalamayan sa serbisyo, ○
- ang Beterano ay tumatanggap ng pensyon o bayad ng VA sa oras ng pagkamatay, ○
- ang Beterano ay karapat-dapat na tumanggap ng pensyon o bayad ng VA, ngunit nagpasyang tumanggap ng kanyang buong bayad ng pagreretiro sa militar o bayad sa pagkabalda, ○
- ang Beterano ay namatay habang nasa ospital ng VA, o habang tumatanggap ng pangangalaga sa ilalim ng kontrata ng VA sa pasilidad na hindi pagaari ng VA, ○



Ang mga kawalan ng kakayahan na tinukoy ng VA na magiging kaugnay sa iyong serbisyo militar ay magdudulot ng buwanang walang buwis na sahod, pag-enrol sa VA health care system, ang 10-puntos na pagpipilian sa pagkuha ng manggagawa para sa pederal na pagtatrabaho at iba pang mahahalagang benepisyo. Tanungin ang inyong VA na kinatawan o kinatawan ng Veterans Service Organization tungkol sa Sahod sa Pagkabalda, Pensyon, kinatawan ng Disability Compensation, Pension, Health Care, Caregiver na Programa, Mga Serbisyo sa Trabaho, Tulong Pang-edukasyon, Garantiya sa Pautang sa Bahay, Seguro/o Mga Benepisyo sa Mga Umaasa at Naulila.



U.S. Department
of Veterans Affairs

- namatay ang Beterano habang naglalakbay sa ilalim ng wastong awtorisasyon at sa gastos ng VA patungo at mula sa natukoy na lugar para sa layunin ng pagsusuri, paggamot o pangangalaga, ○
- ang Beterano ay nagkaroon ng orihinal o binuksan muling claim para sa bayad o pensyon sa VA na nakabinbin sa oras ng pagkamatay at naging karapat-dapat sa mga benepisyo mula sa petsa bago ang petsa ng pagkamatay, ○
- ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 9, 1996, habang isang pasyente sa pinahintulutang state nursing home ng VA.

MAGKANO ANG BABAYARAN NG VA?

Pagkamatay na Konektado sa Serbisyo

- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Septiyembre 11, 2001, ang pinakamataas na allowance sa burol para sa mga konektado sa serbisyo ay \$2,000.
- Kung ang Beterano ay namatay bago mag Septiyembre 11, 2001, ang pinakamataas na allowance sa burol para sa mga konektado sa serbisyo ay \$1,500.
- Kung ang Beterano ay inilibing sa pambansang sementeryo ng VA, ang VA ay maaaring ibalik ang ilan o lahat ng halaga ng pagbibyahe ng labi ng namatay na Beterano.

Pagkamatay na Hindi Konektado sa Serbisyo

- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 2017, babayaran ng VA ang \$300 na allowance sa burol at \$762 para sa lupang libingan.
- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 2016, ngunit bago mag Oktubre 1, 2017, babayaran ng VA ang \$300 na allowance sa burol at \$749 para sa lupang libingan.
- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 2015, ngunit bago mag Oktubre 1, 2016, babayaran ng VA ang \$300 na allowance sa burol at \$747 para sa lupang libingan.

Simula Oktubre 1, 2011, may mga mas mataas na kabayaran para sa pagkamatay na hindi konektado sa serbisyo kapag ang Beterano ay naospital sa VA nang siya ay mamatay.

- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 2017, babayaran ng VA ang \$762 na allowance sa burol at \$762 para sa lupang libingan.
- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 2016, babayaran ng VA ang \$749 na allowance sa burol at \$749 para sa lupang libingan.
- Kung ang Beterano ay namatay sa o pagkatapos ng Oktubre 1, 2015, ngunit bago mag Oktubre 1, 2016, babayaran ng VA ang \$747 allowance sa burol at \$747 para sa lupang libingan.
- Kapag ang pagkamatay ay naganap habang ang Beterano ay angkop na inilagak sa ospital sa pamamagitan ng VA o sa ilalim ng nakakontratang nursing home care sa VA, ang VA ay maaaring ibalik ang ilan o lahat ng halaga ng pagbibyahe ng labi ng namatay na Beterano.
- Tandaan: Kung ang Beterano ay namatay habang naglalakbay sa ilalim ng wastong awtorisasyon at sa gastos ng VA patungo at mula sa natukoy na lugar para sa layunin ng pagsusuri, paggamot o pangangalaga, babayaran ng VA ang burol, libing, lote ng libingan o allowance sa paglilibing, at gastos sa transportasyon.

Mga Hindi Nakuhang Labi

- Kung ang Beterano namatay at ang kanilang mga labi ay hindi nakuha, ang partido na responsable sa burol ng Beterano ay maaaring tumanggap ng \$300 na allowance sa burol.
- Kung ang Beterano ay inilibing sa pambansang sementeryo ng VA, ang VA ay maaaring ibalik ang halaga ng pagbibyahe ng labi ng namatay na Beterano. Maaari rin na maibalik ng VA ang halaga ng loteng libingan.

PAANO KA MAKAKAPAG-APPLY?

Maaari kang mag-apply sa pamamagitan ng pagpuno ng [VA Form 21P-530, Application for Burial Benefits](#).

Kinakailangang ilakip ang kopya ng dokumento sa pagtanggap sa serbisyo ng Beterano (DD-214 o katumbas) at sertipiko ng kamatayan. Kung nais makakuha ng bayad sa transportasyon, pakisuyong isama ang resibo para sa nagastos na binayaran.

Maaring tumawag sa toll-free kung nasa sakop ka ng Estados Unidos sa pamamagitan ng telepono 1-800-827-1000. Kung nakatira ka na malapit sa isang VA regional benefit office, maaari kang tumawag sa pamamagitan ng pagtingin ng inyong local telephone directory. Para sa mga may kapansanan sa pandinig, ang aming numero ng TDD ay 711.

Dapat ipadala ang inyong aplikasyon sa Panrehiyong Tanggapan sa Benepisyo ng VA na matatagpuan sa inyong Estado. Maaari ring makuha ang mailing address ng Tanggapan sa Benepisyo sa aming [locations site](#). Ang address ay maaari ring matagpuan sa mga pahina ng inyong telephone book sa ilalim ng “United States Government, Veterans.”

MGA KAUGNAY NA BENEPISYO

[VA National Cemetery Burials](#) / [Headstones, Markers and Medallions](#) / [Presidential Memorial Certificates](#) / [Burial Flags](#)